ST. MARTIN COOP
Helping Uplift Lives, Building Communities

# SANDIWA

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE

Hulyo – Disyembre 2025 BOCAUE, BULACAN TOMO XXVIII Blg. 2

# Serbisyo sa mga miyembro, mas pinalawak ng St. Martin Coop




Lalong pinalawak ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang mga serbisyo at programa nito sa pakikipag-ugnayan sa Social Security System, Department of Social Welfare and Development, Technical Education and Skills Development Authority, at Cebuana Lhuillier.

ni Nenita DR. Ignacio

Pinaunlad ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang saklaw ng mga programa at serbisyo nito para sa kaniyang mga miyembro sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang institusyon tulad ng Social Security System (SSS), Department of Social Welfare and Development (DSWD), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at Cebuana Lhuillier. Layunin ng hakbang na ito na mas mapalapit ang mahahalagang serbisyo sa mga kasapi at komunidad.

Sa ilalim ng nasabing partnership, mas nagkaroon ng pagkakataon ang mga miyembro na ma-access ang social protection programs, mga serbisyong panlipunan, at iba pang tulong para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Nakapag-ambag din ang kolaborasyong ito upang mapadali ang pagkuha ng mga benepisyong iniaalok ng mga katuwang na ahensya.

Nagbigay naman ang TESDA ng mga oportunidad para sa skills training at capacity development, habang ang Cebuana Lhuillier ay naghandog ng karagdagang financial services na naging daan sa mas mabilis at mas maginhawang transaksyon ng mga kasapi. Sa tulong ng mga serbisyong ito, higit na napalawak ang suportang ibinibigay ng kooperatiba.

Ayon sa pamunuan ng St. Martin Coop, ang pakikipag-ugnayan sa mga nabanggit na institusyon ay nagpapakita ng patuloy na pangako ng kooperatiba na maghatid ng komprehensibo at inklusibong serbisyo. Sa pamamagitan ng mga partnership na ito, inaasahang mas mapapalakas ang kakayahan ng mga kasapi at mas mapauunlad ang kanilang kabuhayan tungo sa mas matatag na kinabukasan.

## Members Portal update: "Feedback & Update", inilunsad


ni JEREMIAH JOHN JEFFREY LOPEZ

Inilunsad ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang makabagong sistema sa kanilang Members Portal na may temang "Feedback & Update," na naglalayong pagbutihin ang komunikasyon at serbisyo para sa mga miyembro.

Sa ilalim ng bagong update, maaari nang direktang magbago ng kanilang personal na impormasyon ang mga miyembro tulad ng email address, mobile number, at TIN number sa pamamagitan ng portal. Layunin nitong mapabilis at maging mas maayos ang pagpapadala ng mahahalagang anunsyo, abiso, at iba pang kaugnay na impormasyon mula sa kooperatiba.

Bukod dito, inilunsad din ang bagong "Feedback" feature na nagbibigay-daan sa mga miyembro na madaling makapagpadala ng kanilang mga katanungan, suhestiyon, at iba pang concerns online. Sa pamamagitan nito, mas napa padali at napapabilis ang pagtugon ng kooperatiba sa pangangailangan ng kanilang mga miyembro.

Ayon sa pamunuan, ang hakbang na ito ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng kooperatiba na maisulong ang digitalization at mas mapalapit ang serbisyo sa bawat miyembro.




Ipinakikita sa mga screenshot ang Account Update at Feedback Form na maaari nang gawin ng mga miyembro ng St. Martin Coop kahit mismo sa kanilang cellphone sa application ng St. Martin Coop Member Portal.




Nakiisa ang St. Martin Credit and Development Cooperative sa pagbubukas ng Cooperative Month na ginanap sa Lungsod ng Malolos noong Oktubre 5, 2025 na dinaluhan ng iba't-ibang kooperatiba sa lalawigan.

## St. Martin Coop, nakiisa sa Cooperative Month 2025

Ni MYLENE L. BENEDICTO

Sa pagsisimula ng taunang selebrasyon ng Cooperative Month, muling ipinamalas ng St. Martin Coop ang aktibong pakikiisa sa ginanap na Kick-Off Ceremony noong Oktubre 4, 2025, sa Lungsod ng Malolos, Bulacan. Dinaluhan ito ng iba't ibang kooperatiba mula sa iba't ibang bahagi ng lalawigan, bilang pagpapakita ng pagkakaisa at pagkakapit-bisig ng mga samahang kooperatiba.

Ang selebrasyon ngayong taon ay may temang "GoKoop: Strengthening Cooperatives, Empowering Communities", na layuning paigtingin ang papel ng mga kooperatiba bilang sandigan ng mga mamamayan tungo sa mas matatag na ekonomiya at mas progresibong komunidad.

Sa pagbubukas ng programa, pinangunahan ng mga kinatawan mula sa Cooperative Develop-

(sundan sa pahina 2)

## St. Martin Coop, nakiisa sa Cooperative Month 2025

*(mula sa pahina 1)*

ment Authority (CDA) at ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan ang seremonya ng pagtaas ng bandila at ang sabayang panunumpa ng mga kooperatiba. Sinundan ito ng inspirasyonal na mensahe na nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaisa, malasakit, at pagiging kabalikat ng bawat kooperatiba sa paghubog ng mas inklusibong lipunan.

Ang pagdiriwang ay nagsilbing paalala sa mga pangunahing prinsipyo ng kooperatibismo — pagkakaisa, pagtutulungan, at samasamang pag-unlad — mga halagang patuloy na isinasabuhay ng St. Martin Coop sa paglilingkod nito sa mga kasapi at sa komunidad.

Sa pagpapatuloy ng kilusang kooperatiba, ipinapahayag ng St. Martin Coop ang matibay nitong pangako na maging kaagapay sa pagbabago at kaunlaran, patunay na sa tunay na diwa ng kooperatiba, sabay-sabay ang pag-angat.

# Musmos Aralan, muling inilunsad ng St. Martin Coop



Ni JOEMAR NICOLAS

Opisyal na inilunsad ang ikawalong Batch ng programang Musmos Aralan ng St. Martin Coop noong Setyembre 2025 na may layuning magbigay ng maagang pag antabay sa paglago ng kaalaman ng mga kabataang hindi pa na kakaranas ng pormal na pag-aaral.

Pinalawak ng kooperatiba ang kanyang sakop sa dalawang lokasyon — ang Barangay Bambang sa Bocaue, Bulacan at Barangay Saluysoy sa Meycauayan, Bulacan. Nilahukan ito ng mga propesyonal na guro.

Ngayong taon, 50 mag-aaral ang naging bahagi ng programa. Upang masiguro na ang kahirapan ay hindi magiging balakid sa kanilang intelektuwal na pag-unlad, ipinamahagi sa kanila ang mga kagamitang pampaaralan, libreng uniporme, at masustansyang pagkain, upang sa bawat sesyon ay manatili silang masigla, masaya, at aktibo sa paglinang ng kanilang kaalaman.

Ang programang ito ay nagpapatunay na ang diwa ng Corporate Social Responsibility (CSR) ay hindi lamang nakatuon sa pagtulong sa komunidad, kundi sa pagbibigay ng pag-asa para sa kinabukasan ng kabataan.

Sa tulong ng mga guro na sina Teacher Ericka A. Inopia at Teacher Amethyst, inaasahan na ang mga mag-aaral ay mahuhubog upang magkaroon ng matibay na kumpiyansa sa sarili at sapat na kahandaan bago pumasok sa pormal na edukasyong pang-elementarya.

## Patakaran sa Co-Maker, binago

Ni ROWENA CELESTINO

Ipinatupad ng pamunuan ng St. Martin Coop ang bagong gabay kaugnay sa "Co-Maker Requirement sa Loan Applications" noong ika-1 ng Disyembre, 2025.

Ayon sa bagong patakaran, pinapayagan na ang mga miyembro na hindi pa ganap o full-fledged na kasapi na maging co-maker sa loan application. Gayunpaman, itinakda na sa oras ng loan release ay kinakailangan nilang kumpletuhin ang minimum share capital na P2,000.00 at P500.00 na savings deposit.

Maaaring maisagawa ang nasabing requirement sa pamamagitan ng pagbawas mula sa loan proceeds ng principal borrower o kaya ay over-the-counter cash payment. Inatasan din ang mga sangay na tiyaking malinaw itong maipapaliwanag sa principal borrower at sa co-maker upang maiwasan ang anumang hindi pagkakaunawaan.


Layunin din ng hakbang na ito na maging ganap na kasapi ang co-maker matapos ang loan release at mapabilis ang pagproseso ng mga pautang.

# Charitable Outreach sa Sunday Schoolers, isinagawa ng BOD, Management













Ni Nenita DR. Ignacio

Bilang makabuluhang pagtatapos ng taunang social agenda, pinangunahan ng Board of Directors at Management ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang isang espesyal na charitable outreach noong Disyembre 27, 2025 para sa 100 pamilya ng Parokya de San Martin Sunday Schoolers.

Ang aktibidad ay isinagawa bilang konkretong pagpapakita ng malasakit at pakikiisa sa komunidad, lalo na sa mga kabataang patuloy na nagsusumikap sa kanilang pag-aaral sa kabila ng mga hamon ng buhay.

Sama-samang naghandog ang pamunuan ng grocery packs na naglalaman ng mga pangunahing pangangailangan ng bawat pamilya lalo na sa panahon ng Kapaskuhan.

Bukod dito, inihain din ang masasarap at mainit na lugaw at tinapay para sa mga bata, na nagsilbing simbolo ng pagkakaisa, pagbabahagi, at pagmamahal sa kapwa. Maliban dito, nagkaloob din ang mga Board of Directors ng kaunting halaga para sa mga bata sa diwa ng Pasko. Ito ay nagbigay ng kasiyahan at ginhawa sa mga bata, na kitang-kita sa kanilang mga ngiti at masiglang pakikilahok sa programa.

Nagkaroon din ng pagkakataon ang Board of Directors at Management na makipag-ugnayan nang personal sa mga Sunday Schoolers at kanilang pamilya. Sa mga maikling personal na talakayan at pagbabahagi ng karanasan, naipadama ang tunay na diwa ng bayanihan at malasakit. Ang mga pasasalamat at ngiting natangggap ng pamunuan mula sa mga benepisyaryo ay nagsilbing inspirasyon.

Higit pa rito, ang outreach ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagtutulungan at pagbabalik ng biyaya sa komunidad. Sa pamamagitan ng aktibidad na ito, naipadama ng St. Martin Cooperative na ang diwa ng Kapaskuhan ay hindi nasusukat sa dami ng handog, kundi sa taos-pusong pagbabahagi ng pagmamahal, kalinga, at pag-asa. Ang simpleng pagkilos na ito ay nagpatibay sa ugnayan ng pamunuan at ng komunidad, at nagsilbing paalala na ang bawat isa ay may mahalagang papel sa pagbuo ng mas maayos at mas makataong Lipunan.

# 2 HR Policies, reloaded para sa mas mahusay na serbisyo

Ni Shierly L. delos Santos

Dalawang polisiya ang Human Resource ang pinagtibay kamakailan upang lalo pang mapahusay ang serbisyo ng St. Martin Coop.

Kabilang dito ang EMPOWER Loan at Procurement Policy.

Sa bisa ng BR No. 206, Series of 2025 ay naaprubahan ang EMPOWER Loan na isang espesyal na loan facility na inilaan ng Kooperatiba para sa mga regular na empleyado at halal na opisyal upang mabigyan sila ng mabilis, maginhawa, at abot-kayang access sa pinansyal na tulong sa oras ng pangangailangan.

Layunin ng programang ito na matugunan ang agarang pangangailangang pinansyal ng mga kawani habang pinatitibay ang kanilang katapatan, pakikiisa, at patuloy na dedikasyon sa Kooperatiba.

Sa ilalim ng programang ito, ang mga kwalipikadong borrower ay maaaring humiram ng hanggang Isang Daang Libong Piso (₱100,000.00) na may maximum na term na labindalawang (12) buwan. Ang loan ay may nakapirming interest rate na anim na porsiyento (6%) kada taon, na ibinabawas na agad sa oras ng pag-release ng loan.

Ang pagbabayad ng loan ay maaaring gawin sa pamamagitan ng salary deduction o deduction mula sa mga benepisyo tulad ng per diem, 13th month pay, performance incentive bonus, sick leave conversion, cash gifts, o iba pang pinahihintulutang benepisyo ng Kooperatiba. Maaaring pumili ang borrower ng naaangkop na paraan ng pagbabayad, o kombinasyon ng mga ito, basta't masisiguro na ang buong loan ay mababayaran sa loob ng itinakdang termino.

Ang mga empleyadong pipili ng salary deduction ay kinakailangang sumunod sa 30% net take-home pay rule, upang matiyak na ang kanilang sahod matapos ang mga deduction ay naaayon sa umiiral na regulasyon. Samantala, ang mga borrower ay inaasahang mananatili sa serbisyo ng Kooperatiba hanggang sa ganap na mabayaran ang kanilang loan obligation.

Pinahihintulutan ang advance payment ng loan, maging ito man ay partial o full settlement, alinsunod sa mga patakaran ng Kooperatiba. Gayunpaman, kung ang loan ay hindi mabayaran sa loob ng itinakdang termino, ang natitirang balanse ay papatawan ng apat na porsiyentong (4%) penalty kada buwan hanggang sa ito ay ganap na mabayaran.

Ang EMPOWER Loan ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Kooperatiba na mapangalagaan ang kapakanan ng mga empleyado at opisyal sa pamamagitan ng pagbibigay ng maayos at responsableng serbisyong pinansyal, habang pinapalakas ang kanilang pakikipag-ugnayan at kontribusyon sa patuloy na pag-unlad ng Kooperatiba.

Sa kabilang banda, alinsunod sa B.R. No. 189; s., 2025, ang patakaran sa procurement ng Kooperatiba ay naglalayong magbigay ng malinaw na gabay sa pagkuha ng imprastruktura, kalakal, serbisyo, at konsultansi upang masiguro ang kahusayan, transparency, at pananagutan sa paggamit ng pondo ng Kooperatiba.

Saklaw nito ang lahat ng procurement para sa proyekto at regular na operasyon, kabilang ang konstruksyon, pag-aayos, pagbili ng kagamitan, serbisyo mula sa external providers, at propesyonal na konsultansi.

Ang bawat procurement ay isinasagawa sa angkop na paraan—public bidding, direct negotiation, shopping, at repeat order—ayon sa halaga at pangangailangan. Pinangangasiwaan ito ng CEO bilang Head of Procuring Entity, ng PBAC para sa bidding at evaluation, at suportado ng Technical Working Group at PBAC Secretariat, habang ang Internal Audit Department ang nagbabantay sa pagsunod sa mga alituntunin upang masiguro ang integridad at patas na pamamahagi.

Sa pangkalahatan, ang mga inisyatibo ng Human Resources sa ikalawang semestre ng 2025 ay nagpapatibay sa kakayahan, dedikasyon, at samahan ng bawat kawani. Mula sa learning sessions at training, hanggang sa recognition programs at financial support, malinaw na pinapahalagahan ng Kooperatiba ang kontribusyon ng bawat empleyado at opisyal—isang patunay ng sama-samang pag-unlad at tagumpay ng buong komunidad ng St. Martin Coop.



# Trike Patrol, handog ng St. Martin Coop sa San Miguel

Ni Eileen Ruth G. Reyes

Isang bago at customized na Barangay Trike Patrol ang inihandog ng St. Martin Coop para sa Barangay Tigpalas, San Miguel, Bulacan.

Ang ceremonial turn-over ay ginanap noong ika-2 ng Pebrero 2026, na dinaluhan ng mga pangunahing kinatawan mula sa dalawang panig. Ang mga nagmula sa St. Martin Coop ay na sina CEO Serafin M. Celestino, Jr., Chief Membership Services and Marketing Officer Nenita DR. Ignacio, San Miguel Branch Manager Sheryl A. Cruz at Membership Services Manager Eileen Ruth G. Reyes. Mula sa Barangay Tigpalas naman ay sina Kapitan Ma. Fe Pascual, Barangay Secretary, Barangay Treasurer, Hepe ng Barangay, Mga Barangay Tanod at Mother Leaders at iba pang residente ng Barangay Tigpalas.

Nagbigay ng maikli ngunit makabuluhang pananalita sina Membership Services Manager Eileen Reyes at Branch Manager Sheryl Cruz.

Kasunod nito, sa kanyang Turnover Speech, binigyang-diin ni CEO Serafin M. Celestino, Jr. na ito na ang ika-apat na Trike Patrol na ipinagkaloob ng St. Martin Coop sa mga barangay na sakop ng kanilang operasyon. Layunin ng kooperatiba na maglaan ng pondo mula sa Community Development Fund para sa Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) ng komunidad. Ang Barangay Trike Patrol ay magsisilbing behikulo sa pagpapanatili ng kapayapaan, katiwasayan, at kaayusan sa Barangay Tigpalas.

Sa kanyang Acceptance Speech, buong puso at malugod na tinanggap ni Barangay Kapitan Ma. Fe Pascual ang kaloob na Trike Patrol. Ipinangako niya na ito ay gagamitin para sa mga pambarangay na aktibidad at makatutulong nang malaki sa kanilang komunidad.



# 889 runners, nakiisa sa Bocaue Half Marathon

Ni ALLAN EUGINE BAIZA

Dinaluhan ng 889 na mananakbo mula sa iba't ibang bayan sa lalawigan at mga karatig-lugar ang nakiisa sa kauna-unahang Bocaue Half Marathon noong Disyembre 7, 2025.

Pinangunahan at inorganisa ang nasabing aktibidad ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative bilang bahagi ng patuloy nitong adbokasiya sa pagsusulong ng malusog na pamumuhay at pagpapatibay ng pagkakaisa sa komunidad.

Sa layuning itaguyod ang physical wellness, hinati ang takbuhan sa tatlong kategorya: 21-kilometer (half marathon), 10-kilometer, at 5-kilometer run. Naging higit pa sa isang kompetisyong pampalakasan ang kaganapan, sapagkat nagsilbi rin itong plataporma ng pagkakabuklod at camaraderie ng mga kalahok mula sa iba't ibang munisipalidad.

Ayon sa pamunuan ng kooperatiba, layunin ng aktibidad na hindi lamang subukin ang tibay at determinasyon ng mga mananakbo, kundi higit sa lahat ay patatagin ang diwa ng kooperatibismo at pagtutulungan sa komunidad.

Bilang inaugural marathon event ng St. Martin Coop, naging maayos at organisado ang daloy ng programa sa tulong ng lokal na pamahalaan ng Bocaue na naging katuwang sa koordinasyon at pagpapatupad ng mga kinakailangang seguridad at logistics.

# SMTCDC, nagsagawa ng Medical Mission

ni EILEEN RUTH G. REYES

Ang St. Martin Credit and Development Cooperative ay nagsagawa ng isang medical mission katuwang ang Generika upang ipagpatuloy ang adbokasiya sa kalusugan at kapakanan ng komunidad.

Nais ng St. Martin Coop na maihatid ang libreng serbisyong medikal sa mga kasapi at maging sa mga hindi pa kasapi mula sa Bocaue, Marilao at Guiguinto, lalo na sa mga sektor na may limitadong access sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga Serbisyong inilunsad noong Nobyembre 25 at Disyembre 5, 2025 ay ang mga sumusunod:

- Libreng konsultasyon mula sa mga doktor
- Mobile laboratory tests gaya ng blood pressure check, blood sugar screening, uric acid, total cholesterol, SGPT, BUN, CBC, ECG at urinalysis
- Eye check-up at isang daang (100) libreng eyeglasses

Nakapagbigay ng agarang lunas sa dalawang daan at walong (208) residente na walang kakayahang magpagamot sa pribadong klinika.

Naging daan din ang Medical Mission upang mapalakas ang kamalayan sa kahalagahan ng preventive healthcare.

Nagpatibay din ito ng ugnayan ng Kooperatiba at komunidad, na nagpapakita ng malasakit at pagkakaisa.

Ang medical mission ng St. Martin Coop ay hindi lamang isang aktibidad, kundi isang konkretong pagpapakita ng isang misyon na makapaghatid ng kabutihan at suporta sa mga kasapi man o hindi. Naniniwala ang St. Martin Coop na ang tunay na kooperatiba ay hindi lamang nakatuon sa pagpapalago ng negosyo, kundi sa kalusugan at kapakanan ng bawat mamamayan.



ST. MARTIN COOP SANDIWA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE
Hulyo – Disyembre 2025 BUCAIS, BULACAN TOMO XXVIII Blg. 2

**SERAFIN M. CELESTINO, JR.**
Chief Executive Officer

**RAYMOND M. CARDENAS**
Chief Operating Officer

**ALVIN B. NORIESTE**
Chief Finance Officer

**MICHELLE V. HIPOLITO**
Chief Branch Operations Officer

**ANGELO H. LIBIRAN**
Chief Human Resource and Administrative Officer

**WENNIE N. SANTOS**
Chief Accounts Management Officer

**NENITA DR. IGNACIO**
Chief Membership Services and Marketing Officer

**HERMINDA Z. VALERIANO**
Board of Directors Chairperson

**PINKY DG. CLAUDIO**
BOD Vice Chairperson

**MARISSA S. LORENZO**
**MARY GISELLE S. GALICIA**
**ATTY. SOLEDAD DV. CABANGIS**
**OFELIA D. MALABAGO**
**ADIEL SAM T. DE JESUS**
**ERNESTO U. GUILLERMO, JR., LPT, MST**
**ROBERTO A. LLANITA**
BOD Members

**Punong Patnugot at Layout**
Ernesto U. Guillermo, Jr., LPT, MST

**SANDIWA Committee Chair/Editor in Chief**
Nenita DR. Ignacio

**Associate Editor**
Eileen Ruth G. Reyes

**Managing Editor**
Allan Eugine Baiza


**Managing Writers & Contributors/Recording Secretary**
Mary Ann F. Agustin

**SANDIWA Committee**
Jeremiah John Jeffrey Lopez
Shierly Delos Santos
Rowena DJ. Celestino

**Mga Kontributor**

Nenita DR. Ignacio
Eileen Ruth G. Reyes
Allan Eugine Baiza
Rowena Celestino
Shierly delos Santos
Jeremiah
John Jeffrey Lopez
Al Mario Gloria
Joemar G. Nicolas
Mary Ann A. Baiza
Mylene Benedicto

Ang **Sandiwa** ay ang opisyal na pahayagan ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative. Ito ay pinamamahalaan ng SMTCDC **Education and Training Committee** bilang pamamaraan upang ang mga kamay-ari ng St. Martin Coop ay mahatiran ng mga pinakahuling kaganapan, gawain, at pag-uulat tungkol sa SMTCDC.




# Editoryal

## Pamamahalang Tapat: Susi sa Pag-unlad

Ni Nenita DR. Ignacio

Paulit-ulit na lumilitaw ang tanong: paano ba natin maisusulong ang pamahalaang tunay na tapat at may pananagutan sa bayan? Sa gitna ng mga kasalukuyang kaganapan, muling nasusubok ang kakayahan ng pamahalaan na ipakita ang prinsipyo ng good governance—isang pamamahalang nakabatay sa katapatan, kahusayan, at malasakit.

**Mga Prinsipyo ng Mabuting Pamamahala**

***Katarungan at Pagkapantay-pantay*** – Ang batas ay dapat ipinatutupad nang walang kinikilingan, mula sa pinakamataas na opisyal hanggang sa karaniwang mamamayan.

***Pagiging Bukas at Tapat*** – Ang mga desisyon at proyekto ng pamahalaan ay dapat malinaw at madaling maunawaan ng publiko.

***Pakikilahok ng Mamamayan*** – Ang demokrasya ay hindi natatapos sa pagboto; dapat aktibong nakikilahok ang mamamayan sa pagsusuri at pagtutok sa pamahalaan.

***Epektibong Serbisyo*** – Ang pamahalaan ay dapat mabilis at mahusay na tumugon sa pangangailangan ng tao, lalo na sa panahon ng krisis.

**Pananagutan ng mga Namumuno**

Hindi sapat na magpatupad ng mga programa; ang tunay na pamumuno ay nasusukat sa pananagutan. Ang mga opisyal ay dapat handang humarap sa taumbayan, magpaliwanag, at managot sa anumang pagkukulang. Ang kawalan ng accountability ay nagbubunga ng kawalan ng tiwala, at kapag nawala ang tiwala ng mamamayan, bumabagsak ang pundasyon ng demokrasya.

**Ang Hamon sa Kasalukuyan**

Ang mabuting pamamahala at pananagutan ay hindi lamang mga ideal na salita; sila ang susi sa pag-unlad ng bansa. Kung nais nating makabangon mula sa mga krisis, kailangang ipakita ng pamahalaan ang katapatan, kahusayan, at malasakit. Sa huli, ang tunay na pamumuno ay nasusukat hindi sa kapangyarihan, kundi sa tiwala at respeto ng taong-bayan.



# Mamay

*Ni CEO Jonjon Celestino*

"Mama, mommy, nanay, inay" – iyan ang karaniwang tawag ng karamihan sa kanilang ina. Sa amin, palibhasa tubong Masbate ang aming ina, ang term of endearment namin sa kanya ay "Mamay". Aaminin ko na nuong nasa elementary pa ako ay medyo nahihiya ako sa terminong iyon dahil masyadong kaiba sa karaniwan o nakasanayan. Ngunit sa aking paglaki, lalo na nung ako ay magkolehiyo, na-realize ko na espesyal ang "mamay" sa pandinig ng mga kaklase at professor ko. To the point na nakiki-mamay na din sila.

Matanda na ang Mamay ko. Sa edad na 85 ay dalawang beses pa lang siyang nadala sa ospital. Ang una ay nuong 2021 at ang ikalawa ay nito lamang March 2026. Maraming nagsasabi na swerte pa kami dahil hindi ganuon kamasakitin ang Mamay. Totoong swerte kami pero hindi dahil sa dalawang beses lang siyang naospital sa tanang buhay niya kundi maswerte kami sa kanya sa maraming bagay.

Una, kahit na kami ay walong magkakapatid, inalagaan at napalaki niya kami ng maayos. Maaaring salat kami sa maraming bagay ngunit hindi iyon naging hadlang para kaming lahat ay mapag-aral nila ng sabay-sabay. Tanda ko pa nuon kung paanong tumanggap siya ng labada, nagtinda ng suman na kamoteng kahoy, naglako ng huling bangaybgay at iba pang mga isda ng aking Papay, nagtayo ng sari-sari store, at malimit mangutang sa bumbay para lang mairaos ang aming mga pangangailangan. Batid kong hindi naman niya ginusto na laging umuutang pero sa tingin ko, iyon lang ang naiisip niyang paraan para masuportahan ang kakarampot na kita ng Papay mula sa pagmemekaniko ng jukebox.

Ikalawa, sa husay niyang magbudget, kanyang napagkakasya ang lingguhang intrega ng Papay na P800.00. Bilib ang Papay ko sa diskarte ng Mamay na makabili ng lulutuing ulam sa araw-araw. Ika nga ng Papay, kadalasang dinadamihan ni Mamay ang sabaw ng ulam para magkasya at makakain ang lahat.

Ikatlo, sa dami naming magkakapatid, never kami naging dugyot o marungis. Ganyan kama-alaga ang Mamay lalo na kung personal hygiene ang pag-uusapan.

Ika-apat, maipagmamalaki ko na masarap magluto ang Mamay. Kahit pa sabihing di kumpleto minsan ang rekado, panalo talaga ang mga luto niya. The best ang kare-kare, kaldereta, rilyenong bangus, chicken curry at mga pinangat na isda ng Mamay.

Ika-lima, aminado kami na lumaki kami sa palo. Paborito niyang gamitin ang tabla (gamit sa paglalaba), sinturon, patpat, o kung anong mahagilap niya sa tuwing kailangan niya kaming disiplinahin. Kung ang Papay ko ang batas, ang Mamay naman ang tagapagpatupad. Kung hindi niya siguro ipinatikim ang paraang alam niya sa pagdidisiplina, marahil ay hindi kami kikilos ng tama o maayos.

Ika-anim, pampered kami sa kanya kapag kami'y nagkakasakit. Tanda ko pa nuon, nakakatikim lang ako ng Royal softdrinks kung ako ay may lagnat. At naibili lang niya ako ng bagong Mighty Kid rubber shoes nung ako'y ma-confine sa ospital. Kung iyon ba ay inutang niya? Hindi ko alam. Ang mahalaga, batid ko na sinisikap at ginagawa niya ang lahat para lang tiyakin ang mabilis na paggaling ng kanyang anak.

Ika-pito, maasikaso siyang maybahay. Ipinaghahanda pa niya ng pampaligo at isusuot na damit ang Papay. Matic din siyang naghahain ng makakain ng Papay kung ito'y dumarating galing sa paghahanapbuhay.

Tulad ng ibang magulang, hindi perpekto ang Mamay ko. Nung siya ay bata-bata at malakas pa, paglalaro ng 41 duon kila Ka Ludeng ang kanyang libangan. Malutong din siyang magmura kapag nagagalit at masakit ding magsalita kung minsan. Sa talim ng kanyang dila, masasaktan ka talaga.

Ngunit sa isang banda, ngasino lang ba ang minsang makasakit siya kumpara sa hirap at sakripisyong pinagdaanan niya maitaguyod lang niya kaming mga anak niya pati na ang ilan sa kanyang mga apo? Nakahihiya mang sabihin na sa kanyang buhay, hindi siya nakatikim man lang ng ginhawa o maalwang pamumuhay. Nanatili siyang salat at laging nangangailangan ngunit mas pinipili na lang niyang manahimik at maghintay. Maghintay ng intrega at kung sino ang makapag-aabot kung may nakaluluwag o makaalala. Tingin ko, ayaw lang niyang maging pabigat sapagkat kami ay may kanya-kanya ng pamilya. Hanggang sa nalalabi niyang mga araw, ramdam ko pa rin ang kanyang pagmamahal at patuloy na pang-unawa bilang isang magulang.

Mamay, bagama't sa mga oras na ito ay hindi mo na kami naaaninag, hindi mo na rin kami nadidinig dahilan sa paghina ng iyong mga tenga, o hindi mo na ako maipagluluto kapag may request akong ulam, at kahit na hindi na tayo makakapag-usap dahil mas pinipili mo na ngayon ang humiga at matulog ng matagal, sana'y malaman mo at maramdaman mo na pinilit namin na mapalawig pa sana ang iyong buhay…

Ngunit kung sa araw-araw ay nakikita ka namin na nahihirapan at wala ng anumang tanda ng recovery, sige na 'May, magpahinga ka na at nawa'y makapiling ka ng Poong Maykapal. Sana'y patawarin mo kami sa kung anumang nagawa namin na ikinasama ng iyong kalooban. Salamat sa lahat 'May, mananatili ka naming mahal… hanggang sa muli…

# Kooperatiba: Sandigan ng Sama-samang Kaunlaran

ni Nenita Ignacio

Sa gitna ng matinding kompetisyon at mabilis na pagbabago sa ekonomiya, nananatiling matibay na haligi ang kooperatiba bilang sagot sa pangangailangan ng mga mamamayan. Hindi ito basta organisasyon; ito ay simbolo ng pagkakaisa, pagtutulungan, at pag-angat ng bawat kasapi.

Ang kooperatiba ay nagbibigay ng pagkakataon sa bawat tao na magkaroon ng boses sa pamamahala ng kanilang kabuhayan. Sa halip na iisang tao o korporasyon ang nakikinabang, ang kita at benepisyo ay pantay na ibinabahagi sa lahat ng kasapi. Sa ganitong paraan, naitataguyod ang prinsipyo ng demokrasya sa ekonomiya—isang sistemang nakabatay sa patas na partisipasyon at inklusibong pag-unlad.

Sa larangan ng agrikultura, pinapalakas ng kooperatiba ang mga magsasaka sa pamamagitan ng sama-samang pagbili ng kagamitan at pagbebenta ng ani. Sa pinansyal na sektor, nagbibigay ito ng abot-kayang pautang at serbisyong nakatuon sa kapakanan ng kasapi, hindi sa tubo lamang. Sa serbisyo, nagiging tulay ito upang maabot ng mga tao ang edukasyon, kalusugan, at iba pang pangunahing pangangailangan.


Higit pa sa mga serbisyong ito, ang kooperatiba ay kwento ng pagkakaisa at malasakit. Ang tagumpay ng isa ay tagumpay ng lahat, at ang hamon ng isa ay hamon ng buong samahan. Sa kooperatiba, natututuhan natin na ang tunay na kaunlaran ay hindi nasusukat sa yaman ng iilan, kundi sa kasaganaan ng buong komunidad.

Kaya naman ang St. Martin Coop ay isang kooperatibang may Matatag, Maasahan at Kumpletong serbisyo na patuloy na sumusuporta para masiguro ang lipunang nakabatay sa pagkakaisa, malasakit, at sama-samang pag-unlad—isang kooperatibang tunay na makatao at makatarungan.

***Happy 56th Year Anniversary mga Kamay-Ari!***




# St. Martin Coop: Laging Bukas ang Pintuan para sa Kaalaman at Pagkakaisa



Ni Mylene L. Benedicto

Sa huling dalawang quarter ng taon, naging sentro ng kaalaman at benchmarking ang St. Martin Coop sa sunod-sunod na pagbisita ng mga delegado mula sa iba't ibang kooperatiba at maging mula sa international community.

Tampok sa mga aktibidad na ito ang pagbisita ng APRACA CENTRAB (Asia Pacific Rural and Agricultural Credit Association – Center for Training and Research in Agricultural Banking) noong Hulyo 31, 2025, sa pangunguna ng kanilang Managing Director na si Ms. Lecira Juarez.

Ang naturang lakbay-aral ay nagsilbing isang makabuluhang plataporma para sa mga lider na aktibo sa rural at agricultural finance upang masaksihan ang aktwal na aplikasyon ng agricultural banking at cooperative management.

Sa kaparehong araw, mainit ding tinanggap ang mga delegado mula sa Samal Island Multi-Purpose Cooperative, na nagpapatunay sa dedikasyon ng St. Martin Coop na panatilihing bukas ang pinto nito para sa pakikipagugnayan sa kapwa kooperatiba.

Nagpatuloy ang serye ng mga pagbisita sa mga sumunod na buwan, kabilang ang City Cooperative Development Council noong Agosto 12, ang Antique Federation of Cooperatives noong Agosto 23, at ang Baguio Benguet Community Credit Cooperative noong Setyembre 1. Sinundan pa ito ng pagdating ng mga kinatawan mula sa League of Cooperative Managers of Batangas noong Setyembre 20, at ng Sorosoro Ibaba Development Cooperative noong Oktubre 8, 2025.



Naging bahagi ng bawat pagbisita ang paglibot sa mga pasilidad sa gabay ng mga kawani, na sinundan ng isang open forum para sa malayang palitan ng mga ideya at karanasan.

Buong pusong ibinahagi ng mga opisyal at kawani ng St. Martin Coop ang kanilang organizational structure, financial operations, at mga programang nakatuon sa pagpapalakas ng komunidad.

Naging sentro ng talakayan ang mga best practices sa savings mobilization, lending services, at cooperative governance na may malaking papel sa pangmatagalang sustainability ng institusyon.

Sa kabuuan, ang mga palitang ito ng karanasan at estratehiya ay hindi lamang nagpalalim sa kaalaman ng mga bisita, kundi nagsilbi ring inspirasyon na maaaring i-adapt at gamitin ng iba pang mga institusyon para sa ikauunlad ng sektor ng kooperatiba.

# HR Highlights Mga Programa, Aktibidad sa Ika-2 Semestre ng 2025

## "Pagpapatibay sa Kakayahan, Pagkilala sa Tagumpay, at Pagsuporta sa Pag-unlad ng Bawat Kawani"

ni Shierly L. Delos Santos

Sa ikalawang semester ng taong 2025, aktibong ipinatupad ng Human Resources Department ang iba't ibang programa at aktibidad na naglalayong palakasin ang kakayahan, kamalayan, at kabuuang pag-unlad ng mga kawani ng St. Martin Coop.

### Quarterly General Staff Meeting



Ang Quarterly General Staff Meeting ng St. Martin Coop ay ginaganap kada tatlong buwan upang tipunin ang lahat ng empleyado mula sa iba't ibang sangay para sa isang makabuluhan at produktibong pagtitipon. Layunin nitong maibahagi ang mahahalagang updates ng kooperatiba, mga nagawang tagumpay ng bawat sangay at departamento, at ang mga plano at layunin para sa susunod na quarter. Sa pamamagitan nito, napapanatili ang malinaw na komunikasyon at pagkakahanay ng bawat empleyado sa direksyon at adhikain ng organisasyon.

Ang pagtitipon ay palaging inuumpisahan sa pamamagitan ng isang Thanksgiving Mass bilang pasasalamat sa mga biyaya, tagumpay, at patuloy na patnubay sa kooperatiba. Ipinapakita nito ang pagpapahalaga ng St. Martin Coop hindi lamang sa mga organisasyonal na tagumpay kundi pati sa espiritwal na pundasyon na nagsisilbing gabay sa patuloy nitong paglago at paglilingkod sa mga miyembro.




Matapos ang misa, ang lahat ng kawani ay nagsasalo-salo sa isang early dinner, na nagbibigay ng pagkakataon upang mapalalim ang samahan at mapatatag ang ugnayan ng bawat empleyado mula sa iba't ibang sangay. Ang simpleng pagsasalo-salo na ito ay nakatutulong sa pagpapalakas ng camaraderie at team spirit sa loob ng organisasyon.

Kasunod nito ay ang pormal na pagpupulong kung saan inilalahad ang Financial Highlights ng kooperatiba, kabilang ang kita, paglago ng assets, loan portfolio status, collection efficiency, at iba pang mahahalagang financial indicators. Sa pamamagitan nito, nagiging mas transparent ang kalagayan ng kooperatiba at mas nauunawaan ng mga empleyado ang kabuuang takbo ng organisasyon.




Bahagi rin ng programa ang pagkilala sa mga Branch Achievers na matagumpay na nakamit o nalampasan ang kanilang mga target, bilang pagkilala sa kanilang sipag, dedikasyon, at mahalagang kontribusyon sa paglago ng kooperatiba. Ipinapakilala rin sa pagtitipong ito ang mga bagong empleyado, upang mas maging maayos ang kanilang integrasyon sa St. Martin Coop family at mapalakas ang ugnayan sa pagitan ng mga kawani.

Nagkakaroon din ng Wellness Short Talks na tumatalakay sa mga paksang may kinalaman sa mental health, work-life balance, financial wellness, at iba pang mahahalagang aspeto ng personal at propesyonal na pag-unlad ng mga empleyado.

Sa kabuuan, ang Quarterly General Staff Meeting ay nagsisilbing mahalagang plataporma upang mapalakas ang komunikasyon, transparency, at pagkakaisa sa loob ng organisasyon. Higit pa rito, nagbibigay ito ng inspirasyon at motibasyon sa mga empleyado upang patuloy na magbigay ng pinakamahusay na serbisyo at samasamang isulong ang misyon at layunin ng St. Martin Coop.



### Annual Christmas Party
### *"Old Hollywood Glam: Lights, Camera, Bang!"*

Noong Disyembre 13, 2025, ginanap ang inaabangang Annual Christmas Party ng St. Martin Coop sa Brick House Gardens, Sta. Maria Bulacan, isang gabi ng kasiyahan, pagkilala, at pagdiriwang ng mga tagumpay ng buong organisasyon sa nakalipas na taon. Ang tema ng selebrasyon ay "Old Hollywood Glam: Lights, Camera, Bang!",






































kung saan literal na inilatag ang red carpet upang iparamdam sa bawat empleyado na sila ang mga bituin ng gabi. Sa inspirasyon ng klasikong karangyaan ng lumang Hollywood, naging makulay at elegante ang gabi kung saan bawat sandali ay kumikislap, bawat tagumpay ay nararapat palakpakan, at bawat empleyado ay nabigyan ng pagkakataong magningning sa entablado.

Bilang bahagi ng programa, ang mga empleyado ay hinati sa limang (5) grupo, kung saan bawat grupo ay naghanda ng isang presentation na naaayon sa tema ng party. Ipinakita ng bawat grupo ang kanilang pagkamalikhain, teamwork, at talento sa pamamagitan ng kani-kanilang makukulay at masiglang pagtatanghal. Ang mga pagtatanghal na ito ay hindi lamang nagbigay aliw sa lahat, kundi nagpatibay din sa samahan at espiritu ng pagkakaisa sa loob ng organisasyon.

Isa sa mga inaabangang bahagi ng gabi ay ang tradisyonal na dance presentation ng mga bagong empleyado ng taong 2025. Sa pamamagitan nito, naipakita ng mga bagong miyembro ng St. Martin Coop ang kanilang mga talento at sigla, habang sila ay pormal na tinatanggap at ipinapakilala bilang bahagi ng patuloy na lumalaking pamilya ng kooperatiba. Ang pagtatanghal na ito ay simbolo ng kanilang masiglang pagsisimula at ng kanilang pagiging aktibong bahagi ng Kooperatiba.

Bukod sa mga pagtatanghal, ang gabi ay naging isang mahalagang pagkakataon upang kilalanin at parangalan ang mga empleyadong naglaan ng mahabang panahon ng serbisyo sa kooperatiba sa pamamagitan ng Loyalty Awards. Ang mga parangal na ito ay ibinigay sa mga kawani na nagpakita ng tunay na katapatan, dedikasyon, at pagmamahal sa St. Martin Coop sa loob ng maraming taon. Ang kanilang patuloy na kontribusyon at malasakit ay nagsisilbing inspirasyon sa buong organisasyon.

Gayundin, binigyang pagkilala ang mga natatanging Branch Achievers para sa taong 2025, na nagpakita ng kahusayan sa kanilang mga tungkulin at nakatulong nang malaki sa paglago at tagumpay ng kani-kanilang mga sangay.

(sundan sa pahina 7)

# HR Highlights...

*(mula sa pahina 6)*

Ang kanilang mga natamong tagumpay ay patunay ng kanilang sipag, determinasyon, at dedikasyon sa pagbibigay ng mahusay na serbisyo sa mga miyembro ng kooperatiba.

Nakamit ng Bunlo Branch , sa pamumuno ni BM Editha Santiago, ang 2025 Best in Deposit Geneartion Award, bilang pagkilala sa kanilang natatanging pagsisikap sa pagpapalago ng deposito at pagpapatibay ng tiwala ng mga miyembro sa Kooperatiba.

Samantala, dalawang sangay ang ginawaran ng 2025 Best in Loans Generation Award dahil sa kanilang kahusayan sa pagpapalawak ng serbisyo sa pagpapautang. Ito ay ang Pulong Buhangin Branch, sa pamumuno ni BM Angelina Geronimo, at ang Meycauayan Branch, sa pamumuno ni BM Roderick Manuel.

Bukod sa mga parangal para sa mga sangay, kinilala rin ang mga empleyadong nagpakita ng natatanging husay at dedikasyon sa kani-kanilang larangan. Ginawaran si Ms. Emee Bianca Santos bilang Accounting Staff of the Year, si Mr. Jayson Halili bilang Credit Investigator of the Year, at si Mr. Cris Joseph Legaspi bilang IT of the Year. Ang mga pagkilalang ito ay sumasalamin sa kanilang sipag, propesyonalismo, at mahalagang ambag sa patuloy na tagumpay at paglago ng Kooperatiba.

Sa kabuuan, ang Annual Christmas Party 2025 ay hindi lamang isang simpleng pagdiriwang ng kapaskuhan, kundi isang makabuluhang gabi ng pagkilala, pasasalamat, at pagkakaisa. Sa pamamagitan ng musika, sayawan, at pagbibigay-parangal, naipakita ang diwa ng camaraderie at ang samasamang pagdiriwang ng mga tagumpay na nakamit ng St. Martin Coop sa taong 2025, habang sabay-sabay na inaabangan ang mas maliwanag at mas matagumpay na taon na darating.

## In-House Training on Sustainable Living Practices

Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Kooperatiba na itaguyod ang kamalayan sa pangangalaga sa kapaligiran at responsableng pamumuhay, nagsagawa ng In-House Training on Sustainable Living Practices para sa lahat ng empleyado noong September 26 at October 4, 2025. Layunin ng seminar na mapalawak ang kaalaman ng mga kawani, tungkol sa mga praktikal na paraan ng pamumuhay na nakatutulong sa pangangalaga ng kalikasan at sa pagpapanatili ng isang mas responsableng komunidad.

Ang nasabing seminar ay pinangunahan ni Ms. Jonah Lou Pangilinan, Resource Speaker mula sa Brightminds PH, na nagbahagi ng mahahalagang kaalaman at praktikal na ideya tungkol sa sustainable living. Tinalakay niya ang iba't ibang paraan kung paano maaaring maisabuhay ng bawat isa ang mga simpleng hakbang upang mabawasan ang basura, mapangalagaan ang kapaligiran, at maging mas responsable sa paggamit ng mga likas na yaman.

Bilang bahagi ng programa, nagkaroon din ng interactive workshop kung saan ipinakita ng mga kalahok ang kanilang pagiging malikhain sa paggawa ng mga kapaki-pakinabang na bagay gamit ang recycled materials. Sa pamamagitan ng aktibidad na ito, naranasan ng mga empleyado kung paano gawing kapaki-pakinabang ang mga materyales na karaniwang itinatapon lamang, habang pinapalakas din ang kanilang creativity at teamwork.

Sa kabuuan, naging makabuluhan at kapaki- pakinabang ang nasabing training dahil hindi lamang nito nadagdagan ang kaalaman ng mga empleyado tungkol sa sustainable practices, kundi nagbigay din ito ng inspirasyon upang maisabuhay ang mga natutunan sa kanilang pang-araw-araw na gawain, sa tahanan man o sa lugar ng trabaho. Ang ganitong mga inisyatibo ay nagpapakita ng patuloy na commitment ng Kooperatiba sa pagtataguyod ng responsableng pamumuhay at pangangalaga sa kapaligiran.











# St. Martin Coop, NATCCO, mas pinalalakas ang GAD Initiatives

ni JEREMIAH JOHN JEFFREY LOPEZ

Patuloy na pinagtitibay ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative katuwang ang National Confederation of Cooperatives (NATCCO) ang kanilang adbokasiya para sa pagkakapantay-pantay, inklusibong pamumuno, at responsableng digital na pamayanan sa pamamagitan ng serye ng mga makabuluhang programa sa ilalim ng Gender and Development (GAD).

**1. Gender Sensitivity Training at Talakayan sa Magna Carta of Women**



Matagumpay na naisagawa ang Gender Sensitivity Training at diskusyon hinggil sa Magna Carta of Women sa San Juan Dela Cruz Parish Savings and Credit Cooperative. Pinangunahan ito nina Chief Operating Officer at GAD Focal Person Raymond M. Cardenas at GAD Alternate Focal Person Jeremiah John Jeffrey Lopez.

Dinaluhan ito ng limampu't siyam (59) na kalahok—45 kababaihan at 14 kalalakihan—na aktibong nakibahagi sa mga talakayan at situational analysis. Sa pamamagitan ng bukas na pag-uusap, mas napalalim ang pag-unawa sa mga karapatan ng kababaihan at sa responsibilidad ng bawat isa sa pagtataguyod ng pantay na oportunidad.





**2. Men in GAD Podcast: Pagkilala sa Papel ng Ama**

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Father's Day, inilunsad ang "Men in GAD" Podcast na tumalakay sa mahalagang papel ng mga ama at ama-amahan sa pamilya at lipunan.

Tinalakay rito ang positibong modelo ng pagiging ama, ang epekto ng absentee fathers, at ang konsepto ng inclusive fatherhood. Binigyang-diin na ang modernong ama ay hindi lamang provider kundi isa ring nurturer at gabay sa emosyonal at moral na paghubog ng mga anak.

**3. Engaging Men and Boys: Pagtataguyod ng Inklusibong Komunidad**




Sa webinar na "Building Inclusive Communities: Engaging Men and Boys," hinikayat ang kalalakihan at kabataan na maging aktibong katuwang sa pagsusulong ng gender equality.

Ibinahagi ang mga estratehiya kung paano mababasag ang tradisyunal na "man in a box" mindset at mapapalitan ito ng mas bukas, responsable, at inklusibong pag-iisip. Binigyang-diin ang kahalagahan ng inclusive leadership at positibong role models upang makabuo ng komunidad na may respeto at pagkakapantay-pantay sa bawat kasarian at henerasyon.





**4. CyberSave: Gender at Cybersecurity sa Digital Age**

Isinagawa ang "CyberSave: On Gender and Cybersecurity" upang palakasin ang kamalayan ng mga miyembro hinggil sa data privacy, online safety, at gender equity sa cyberspace.

Tinalakay ang mga praktikal na hakbang upang maprotektahan ang personal na impormasyon at maiwasan ang online harassment at cyber threats Pinangunahan ito ni GAD Alternate Focal Person/IT Programmer Jeremiah John Jeffrey Lopez. Sa pamamagitan ng programang ito, binibigyang-kakayahan ang mga cooperator na maging responsable at maingat na digital citizens habang isinusulong ang isang ligtas at pantay na online environment.

**5. Gender-Fair Language: Mga Salitang Nagbubuklod, Hindi Naghahati**




Binigyang-diin din ang kahalagahan ng paggamit ng gender -fair language bilang mahalagang bahagi ng adbokasiya.

Sa pamamagitan ng maingat at inklusibong pagpili ng mga salita, nababawasan ang stereotypes at diskriminasyon. Ipinakita na ang wika ay makapangyarihang instrumento sa paghubog ng pananaw at kultura; kaya't ang paggamit ng mga salitang nagbubuklod ay hakbang tungo sa mas magalang at makatarungang lipunan.




**6. SLOGAD 2025: Pagdiriwang ng Wika at Pagkakapantay-pantay**

Bilang bahagi ng Buwan ng Wika 2025, inilunsad ang SLOGAD 2025 na nagtatampok ng mga salitang may kaugnayan sa kasarian, karapatan, at pagkakapantay-pantay.

Layunin nitong ipakita na sa sariling wika, mas malinaw at mas makabuluhang naipapahayag ang adhikain para sa isang lipunang makatarungan. Sa pamamagitan ng edukasyon at pagpapalaganap ng tamang terminolohiya, mas napapalakas ang kamalayan at partisipasyon ng komunidad sa GAD initiatives.

**7. Gender and Digital Literacy: Responsableng Mamamayan sa Online Space**




Isinagawa rin ang "Gender and Digital Literacy" webinar upang pagsamahin ang digital awareness at gender sensitivity.

Tinalakay dito ang responsableng paggamit ng social media, pag-iwas sa misinformation, at ang papel ng bawat isa sa pagpapanatili ng isang inklusibo at ligtas na online community Pinangunahan ito ni GAD Alternate Focal Person/IT Programmer Jeremiah John Jeffrey Lopez.




**8. Digital Footprint: Para sa Mas Luntiang Kinabukasan**

Sa programang "Digital Footprint: A Greener Digital Tomorrow," binigyang-pansin ang epekto ng online activities sa kapaligiran at ang konsepto ng digital carbon footprint.

Hinimok ang mga kalahok na maging mas maingat sa paggamit ng teknolohiya—mula sa wastong pag-manage ng emails hanggang sa responsableng paggamit ng cloud storage—bilang ambag sa pangangalaga ng kalikasan. Ipinakita na ang digital responsibility ay may kaugnayan din sa environmental sustainability.

**9. Gender Sensitivity Training for Youth: Paghubog sa Susunod na Henerasyon**



Isinagawa ang Gender Sensitivity Training for Youth upang maagang maitanim sa kabataan ang kahalagahan ng respeto, pagkakapantay-pantay, at dignidad ng bawat tao.

Sa pamamagitan ng interactive discussions at awareness-building activities, nahikayat ang kabataan na maging tagapagtanggol laban sa diskriminasyon at karahasan, lalo na sa Violence Against Women (VAW).




**10. Distribution of VAWC Awareness Materials: Sama-samang Paninindigan Laban sa Karahasan**

Bilang konkretong hakbang laban sa karahasan, namahagi ang kooperatiba ng VAWC awareness materials tulad ng brochures, button pins, at iba pang impormasyon sa mga miyembro at komunidad.

Ito ay nagsisilbing paalala sa kolektibong responsibilidad na protektahan ang dignidad at kaligtasan ng kababaihan at bawat miyembro ng komunidad.




Katuwang ang PESO ng Orani, Bataan, nagsagawa ng pagsasanay sa Body Massage ang Business Development Center ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative noong ika-11 ng Hulyo 2025 na dinaluhan ng 30 kalahok.

# Body Massage Training, isinagawa ng BDC, PESO Orani

ni MARY ANN AGUSTIN BAIZA

Tatlumpung (30) masigasig na kalahok ang dumalo sa Body Massage Training na isinagawa ng Business Development Center (BDC) ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative, katuwang ang Public Employment Service Office (PESO) ng Orani, Bataan.

Ang naturang pagsasanay ay ginanap noong ika-11 ng Hulyo 2025, sa kanilang munisipyo.

Ang pagsasanay na ito ay naging daan para sa pag-unlad, oportunidad, at pagbibigay ng mas malalim na kaalaman tungkol sa Body Massage para sa mga kalahok. Ipinakilala ang mga pangunahing paraan sa wastong massage techniques, tamang pakikitungo sa kliyente, pamantayan sa kalinisan at kahalagahan ng propesyonalismo sa larangan ng wellness. Bawat pagpapakita ng mga proseso ay nagbigay ng bagong kaalaman, at bawat aktwal na pagsasanay ay nagpatibay ng kanilang kumpiyansa.

Ipinakita rin kung paano ang body massage ay maaaring maging daan sa pagdagdag ng kanilang pagkakakitaan, serbisyong pangbahay, o maging hakbang upang makamit ang katibayan sa pagnenegosyo para sa ganitong uri ng hanapbuhay.

Naging mas makabuluhan ang pagsasanay dahil sa positibong enerhiya ng pagtutulungan ng mga kalahok, masayang pag pagpapalitan ng mga natutunan at pananabik na maisabuhay ang kanilang mga bagong kaalaman.

Sa pakikipagtulungan ng PESO Orani, lalo pang pinagtibay ng St. Martin Cooperative ang layunin nitong makapaghatid ng makabuluhan at angkop na kalakalan sa pagsasanay para sa komunidad.

Sa pamamagitan ng mga ganitong programa, patuloy na sinusuportahan ng Business Development Center (BDC) ang mga kasapi at ang mga nagnanais na maging kasapi sa pagtuklas ng mga kaalamang makapagpapabuti sa kanilang kabuhayan.

## Binagong Polisiya sa Calamity Loan, Ipinatupad ng Kooperatiba

Ni Rowena Celestino

Opisyal nang ipinatupad ng St. Martin Coop ang inamyendahang polisiya sa Calamity Loan alinsunod sa "Board Resolution No. 197, s. of 2025", na epektibo noong Setyembre 25, 2025.

Layunin ng binagong patakaran na makapagbigay ng espesyal na "loan package" sa mga miyembro na naapektuhan ng kalamidad. Isa sa mahalagang pagbabago na ito ay ang pagtaas ng "loan ceiling" na maaari nang umabot sa "maximum" na P15,000.00.

Sa ilalim ng bagong polisiya, maaaring makakuha ng calamity loan ang mga kasaping nasa good standing basta't ang kanilang tirahan ay opisyal na idineklara sa ilalim ng state of calamity. Bukod dito, inalis na rin ang limitasyon sa bilang ng mga miyembrong maaaring mag-avail ng naturang loan sa loob ng isang sambahayan.

Bukod dito, naglabas na rin ng anunsyo ang pamunuan noong Hulyo 29, 2025 na nagsasaad na upang mapadali ang proseso ng aplikasyon, hindi na kinakailangang magsumite ng Community Tax Certificate (CTC) at Barangay Certification. Ipinatupad ang hakbang na ito upang mapabilis ang pagproseso at agad na matugunan ang pangangailangan ng mga miyembrong naapektuhan ng kalamidad sa panahon ng emergency.

Nilalayon ng binagong polisiya na mas mapalawak ang agarang tulong pinansyal para sa mga kasapi sa panahon ng sakuna, at mapalakas ang kakayahan ng Kooperatiba na tumugon sa emergency needs ng komunidad.

# Patakaran sa pagpapautang sa Senior Members, inamyendahan

Ni ROWENA CELESTINO

Inamyendahan ang patakaran sa pagpapautang para sa mga Senior Members. Isinagawa ang mga pagbabago sa patakaran noong ika-25 ng Setyembre, 2025 alinsunod sa Board Resolution No. 199, Series of 2025.

Nilalayon ng pagbabagong ito na protektahan ang interes ng mga Senior Members. Saklaw nito ang mga Senior Members na may edad animnapu't lima (65) pataas.

Kabilang sa mga pangunahing pagbabago at probisyon ay ang mga sumusunod:

- **"Co-maker para sa Senior Members"** – Maaaring magsilbing "co-maker" ang sinumang kwalipikadong miyembro sa pautang na kukunin ng "Senior Member".
- **"Renewal ng Character Loan"** – Maaaring magrenew ng "Character Loan ang Senior Member" kung siya ay hindi lalagpas sa pitumpu't lima (75) taong gulang sa panahon ng "loan maturity".
- **"Secured Loan"** – Ang asawa lamang ng "Senior Member" ang kailangang lumagda sa "Real Estate Mortgage (REM), Credit Agreement (CA)", at iba pang kaugnay na dokumento.
- **"Tax Identification Number (TIN)"** – Kinakailangang magpasa ng "TIN ng Senior Member" at mga photocopy ng "valid IDs" niya at ng asawa.
- May karagdagang probisyon para sa mga "Senior Member" na biyuda o biyudo.
- Para sa mga unang beses na kukuha ng "Character Loan", kinakailangang ang aplikante ay nasa malinaw na pag-iisip, may kakayahang magbayad, at makasunod sa karaniwang loan requirements. Ang mga ito ay beripikado sa pamamagitan ng "credit investigation". Ang maximum na halaga na maaaring makuha sa "Character Loan" ay Isandaang Libong Piso (Php100,000.00).



# Binyagang Bayan, pinangunahan ng St. Martin Coop

Ni NENITA DR. IGNACIO

Noong Nobyembre 15, 2025, matagumpay na naisagawa ang Binyagang Bayan sa St. Martin of Tours Parish Church na kung saan 70 bata ang nabinyagan ng walang anumang bayarin.

Ang nasabing gawain ay pinangunahan ng St. Martin Coop sa pakikipagtulungan ng simbahan sa pangunguna ni Rdo. Padre Mario Jose Ladra, Kura Paroko, kasama si Rev. Fr. Franz Joseph Dizon, sa tulong ng PASKA sa ilalim ng Komisyon ng Ebanghelisasyon.

Bilang paghahanda sa binyag, nagsagawa ng katekismo si Gng. Lydia Flores. Tinalakay dito ang kahalagahan ng sakramento ng binyag bilang unang hakbang sa buhay Kristiyano. Ipinaliwanag din ang tungkulin ng mga magulang, ninong, at ninang na gabayan ang mga bata sa kanilang paglaki sa pananampalataya at mabuting asal.

Pagkatapos ng seremonya, nagbahagi sina Rev. Fr. Franz Joseph Dizon at Gng. Nenita Ignacio, empleyado ng St. Martin Cooperative, ng kanilang mensahe tungkol sa kahalagahan ng pag-iimpok at pagiging miyembro ng kooperatiba.

Ipinaliwanag nila kung paano nakakatulong ang pagiging kasapi ng kooperatiba sa pagkakaroon ng suporta sa pangangailangang pinansyal, lalo na sa edukasyon ng mga anak, pangkalusugan, at paghahanda sa mga hindi inaasahang pangyayari sa buhay.